タガログ語版／Tagalog

# Gifu Prefecture Public Relations
# Balita mula sa Prepektura ng Gifu

**Abril, 2017**

●**Populasyon sa Prepektura**
**2,020,680** (Nabawasan ng 1,088 katao.)
Lalaki: 978,930 (Nabawasan ng 617 katao.)
Babae: 1,041,750 (Nabawasan ng 471 katao.)
※Enero 1, 2017 hanggang kasalukuyan.
※Inihambing sa ( ) ng nakaraang buwan.
Para sa bagong impormasyon, tingnan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division.

**Facebook「清流の国岐阜」**
**Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayori!!**
岐阜県 ミナモだより hanapin

**Prefectural Government Public Relations TV Program**
**「Gifu Prefecture Government Hotline」- Televise**
**(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57**
**(Replay) Linggo 20:56 ~ 21:00**

Naghahatid rin ng 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 sa palabas sa ***Gifu Chan*** (Channel 8) !

Pindutin ang ***d button*** at kumuha ng lokal na impormasyon !

## Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

### The Museum of Modern Ceramic Art, Gifu
### Collection x Chronicle
### Makikita mula sa Taon ng Pagkakagawa ng mga Koleksyon ng The Museum of Modern Ceramic Art, Gifu

Sa The Museum of Modern Ceramic Art, Gifu ay may mga koleksyon mula sa mga masterpiece na nagpapahiwatig ng pagkamasining ng mga artist hanggang sa maramihang produksyon ng napakahusay na disenyo ng produktong pang-industriya at iba't ibang klase ng ceramic ware mula sa ibang bansa.

Sa eksibit na ito ay nakadisplay ang ipinagmamalaking mga masterpiece na nasa pangangalaga ng museum na ito ayon sa taon ng pagkagawa, kung saan makikilala ang kakaibang kaugnayan ng henerasyon sa bawat ceramic works at ipinakikilala rin ang iba't ibang magagandang ekspresyon ng mga ceramic ware.



**G. Kenkichi Tomimoto**
《Gold and Silver Colored Four Petals Flower Pattern Decoration Vase》-1960



**G. Masahiro Mori**
Hakusan Porcelain Co., Ltd.
(G-Type Soysauce Cruet) Disenyo ng 1958

◆ **Petsa ng Eksibit:**
Abril 18, 2017 (Martes) ～ Hunyo 18, 2017 (Linggo)

◆ **Lugar:** The Museum of Modern Ceramic Art, Gifu
(Tajimi-shi Higashi-machi 4-2-5)

◆ **Admission Fee:**
Ordinaryo ¥330; College/University Student ¥220;
High School Student pababa LIBRE

◆ **Para sa Katanungan:**
The Museum of Modern Ceramic Art, Gifu
☎0572-28-3100 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆ **Hanaping Salita:** 岐阜県現代陶芸美術館

### Gifu Prefectural Museum
### Exhibition「Sekigahara～ Pangwakas na Labanan at Mino～」

Noon sa labanan sa Sekigahara, ang pagpapasabog ng paputok ng kanluran at silangang militar sa labanan sa Kastilyo ng Gifu ang eksenang naging daan sa kasaysayan ng Mino.

Sa eksibisyon na ito ay ipakikilala ang pag-unlad at pagbabago na resulta ng labanan sa Sekigahara kabilang ang presentasyon sa mga sumusunod na kasaysayan at kaugnayan ng Mino.



**Kanlurang Militar**
Palarang pilak na "eboshi" helmet na ginamit ni G. Hidenobu Oda.
(Pagmamay-ari ng Entokuji at nasa pangangalaga ng Gifu City Museum of History.)
Eksibit: Abril 22, 2017 (Sabado) ～ Mayo 21, 2017 (Linggo)



**Silangang Militar**
Bonnet shell helmet na ginamit ni G. Takatora Todo.
(Itinalaga ng Mie Ken na "Nahahawakang Katangian ng Kultura".)
Eksibit: Abril 22, 2017 (Sabado) ～ Hunyo 25, 2017 (Linggo)

◆ **Petsa ng Eksibit:**
Abril 22, 2017 (Sabado) ～ Hunyo 25, 2017 (Linggo)

◆ **Lugar:** Gifu Prefectural Museum
(Seki-shi Oyana 1989)

◆ **Admission Fee:**
Ordinaryo ¥330; College/University Student ¥110;
High School Student pababa LIBRE
※Gifu Prefecture Hyakunen Park
Parking Area North Entrance (LIBRE)

◆ **Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Museum
☎0575-28-3111 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆ **Hanaping Salita:** 岐阜県博物館

# Kahon ng Impormasyon

**Impormasyon** **Magdaraos ng Gifu Sports Fair 2017**
Maaaring lumahok ang sinuman sa idaraos na pagsubok sa 54 na ebento.
Sa panahon ding ito, (Abril 30 (Linggo) ～ Mayo 7 (Linggo)) ay gaganapin ang "Kangaroo Cup International Ladies Open Tennis 2017" at ang mga nangungunang manlalaro sa mundo ay makikibahagi sa mainit na labanang ito.
●**Petsa:** Abril 16, 2017 (Linggo) ～ Mayo 14, 2017 (Linggo)
●**Lugar:** Gifu Memorial Center (Gifu-shi Nagara Fukumitsu Ono 2675-28)
●**Bayad:** Libre (May ilang ebento na mayroong bayad.)
●**Para sa Katanungan:** Gifu Sports Fair Executive Committee Secretariat
☎058-233-8822 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
●**Hanaping Salita:** 岐阜メモリアルセンター

**Impormasyon** **Pagtatayo ng Bahay na Gawa sa Troso ng Gifu**
Suporta sa bahay na bagong tayo at may interior design na gawa sa kahoy.
Kapag nagpagawa ng bagong bahay sa Prepektura, may suporta para sa mga gagamit ng troso ng Prepektura.
●**Umpisa ng Tanggapan:** Abril 3, 2017 ( Lunes) ※First come, first served.
Ititigil ang pagtanggap ng aplikasyon sa araw na umabot sa itinakdang bilang ng itatayong bahay.
●**Para sa Aplikasyon:** Mag-apply sa Prefectural Agriculture and Forestry Office sa bawat area hanggang bago mag ika-14 araw ng pagtatatag sa framework ng bahay.
●**Halaga ng Suporta:** (Construction Materials) 1 Bahay ¥200,000
(Construction Materials at Interior Design) 1 Bahay ¥300,000 o kaya ay ¥320,000
●**Kondisyon:** May「Registered Trademark ng Gifu」ang troso ng Prepektura na ginamit para sa haligi at barakilan ng istruktura na may mahigit 80% at mahigit 6 na metro na pahalang na baras.
●**Para sa Katanungan:** Prefectural Lumber Industry Promotion Division
☎058-272-8487 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
●**Hanaping Salita:** ぎふの木で家づくり

**Pangangalap** **Pangangalap para sa Nagnanais Lumahok sa「Seminar ng Pagpapalalim ng Motibasyon sa Agrikultura」**
Para sa mga taong may layunin na magsaka sa Prepektura, magsasagawa ng pagtuturo at pagsasanay upang matuto ng pangunahing kaalaman sa agrikultura habang nagtatrabaho.
※Libre ang matrikula.
●**Petsa at Oras:** Hunyo 23, 2017 (Biyernes) ～ Hulyo 28, 2017 (Biyernes)
Tuwing Biyernes 19:00～20:45 (May kabuuang 6 na beses.)
●**Lugar:** Fureai Fukujyu Kaikan (Gifu-shi Yabuta Minami 5-14−53)
●**Kapasidad:** 70 Katao (Kapag maraming aplikante, pipili ayon sa nilalaman ng aplikasyon.)
●**Paraan ng Aplikasyon:** Mag-apply sa pamamagitan ng pagpapadala ng application form sa koreo o fax.
Maaaring makakuha ng application form sa website.
●**Deadline ng Aplikasyon:** Hindi lalampas ng Mayo 26, 2017 (Biyernes)
●**Para sa Aplikasyon・Katanungan:** Gifu Agricultural Management Division
☎058-272-8421 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
●**Hanaping Salita:** ぎふ就農ナビ

**Impormasyon** **Makinabang sa mga Social Worker sa Inyong Munisipalidad**
Sa lugar ng inyong tinitirahan ay mayroong mga aktibidad ang community welfare tulad ng pagbibigay ng impormasyon at kinakailangan na tulong may kaugnayan sa welfare services na isinasagawa ng mga social welfare at child welfare commission.
Ngayong taon ay ipagdiriwang ang ika-100 taong anibersaryo sa pagkakatatag ng Commissioned Welfare Volunteer Act at sa mga susunod ay patuloy na isasagawa ang mga nakagawiang aktibidad para sa pagsuporta sa pamumuhay ng lahat.
Huwag mag-atubiling komunsulta para sa mga problema at ikinababalisa may kinalaman sa kapakanan ng pamumuhay.
Makipag-ugnayan sa Municipal Welfare Division tungkol sa mga social worker at child welfare commission sa inyong munisipalidad.
●**Para sa Katanungan:** Gifu Regional Welfare and National Health Insurance Division
☎058-272-8261 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
(Mula Abril, 2017: Regional Welfare Division)

**Pangangalap** **Nangangalap ng mga Nais Lumahok na Single Parent sa Pagsasanay para sa Suportang Pangtrabaho**
●**Kurso**
【Ogaki-shi】Home Based Employment (Crowdsourcing) Seminar
【Gifu-shi, Ogaki-shi, Takayama-shi, Tajimi-shi, Seki-shi】
Nursing Care Staff Training・Medical Clerical Course (Maliban sa Takayama-shi, set ang Medical at Dispensary Clerical Course)
【Gifu-shi, Tajimi-shi】Certified Care Worker Practical Training atbp.
●**Petsa:** Mag-uumpisa ang training sa mga kalagitnaan ng Hunyo.

●**Deadline ng Aplikasyon:** Hanggang Mayo 8, 2017 (Lunes)
●**Para sa Aplikasyon:** Para sa mga naninirahan sa lungsod, mag-aplay sa Municipal Welfare Division at sa mga naninirahan sa nayon, mag-aplay sa Regional Branch Office/Gifu Regional Welfare Office.
●**Kapasidad:** 70 katao (Palabunutan)
●**Kinakailangang Kuwalipikasyon:** Ama o ina na **s**ingle parent sa pamilya. ※Kailangan na mayroong income.
●**Para sa Katanungan:** Gifu Prefecture Single Parents Employment and Independence Support Center
☎058-268-2569 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
●**Hanaping Salita:** 岐阜県　ひとり親　センター

Pangangalap **Sa mga Sumusubaybay sa Administrasyon ng Prepektura –F.Y. 2017**
Nangangalap ng mga taong nais makipagtulungan sa pagsagot (5 beses sa 1 taon) sa evaluation form o questionnaire may kinalaman sa administrasyon ng Prepektura upang maisaalang-alang ang mga opinyon ng mga mamamayan sa pamamalakad at proyekto ng Prepektura.
●**Paraan ng Paglahok (Pagsagot):** Sa pamamagitan ng internet o kaya ay koreo (maaari rin na sa pamamagitan ng smartphone).
●**Panahon ng Pamamahala:** Mula huling bahagi ng Mayo, 2017 hanggang katapusan ng Mayo, 2018
●**Kuwalipikasyon:** Kasalukuyang naninirahan sa Prepektura at may 18 taon-gulang pataas.
●**Bilang ng Tao:** mga 250 katao
●**Paraan ng Paglahok:** Sa pamamagitan ng website, koreo at telepono.
●**Deadline ng Paglahok:** Hanggang Abril 28, 2017 (Biyernes)
●**Para sa Aplikasyon・Katanungan:** Gifu Public Relations Division
☎058-272-1118 (tumutugon sa wikang Hapon lamang.)
●**Hanaping Salita:** 岐阜県県政モニター

**Ang impormasyong ito ay para sa kasalukuyan ng Marso 6, 2017.**
**Para sa katanungan sa mga impormasyong nasa itaas, makipag-ugnayan sa:**
**Gifu Ken Public Relations Division** ☎058-272-1111（Dir. Ln.）（tumutugon sa wikang Hapon lamang） FAX 058-278-2506
Sa pakikipagtulungan ng：**Gifu International Center** http://www.gic.or.jp